# Live, Love, Kangks: Ang Pag-aanalisa sa mga Piling Diyalogo ng The Kangks Show sa Sekswalidad sa Intelektwalisasyon sa Wikang Filipino

Romel P. Misa
Bryan Elijah D.Trajano
*De La Salle University – Manila*

**Abstrak:** Pinapakita ng online serye na The Kangks Show kung paano ginagamit ang wika sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga payo nina Kara Teo at Cassandra B. ang pagkakaroon ng intelekwalisasyon ng wikang Filipino pagdating sa usaping sekswalidad. Isyu sa pagbibigay ng payo ni Kara Teo sa usaping seks at ang kaugnayan nito sa intelekwalisasyon ng wika. Mga usaping sekswalidad sa bawat kabanata gamit ang mga terminong ginagamit ni Cassandra B. at Dr. Kara Teo Paggamit ni Cassandra B. sa nasabing palabas ang Wika upang mailapit niya sa kalinganganang inteleklwalisasyon ng wika sa pagtalakay sa mga suliranin tungkol wika ng sekswalidad sa kulturang Pilipino. Nasasalamin ang mga payo ni Dr. Kara Teo at ni Cassandra B. ang isyu ng komunikasyon sa wikang Filipino sa The Kangks Show. Gagamit ng descriptive analysis upang madalumat ang pagkakaiba ng wikang ginagamit ng dalawang bida sa The Kangks Show at paano ito nauugnay sa intelekwalisasyon ng wikang Filipino. Makikita na may malaking epekto ang paggamit ng wika sa paghahatid o pagbibigay solusyon sa usaping seks sa masang Pilipino. Ang wika ay isang mahalagang mekanismo upang maintindihan ng masa ang mga suliraning panlipunan katulad ng sekswalidad.

**Mga Susing Salita:** Sekswal na edukasyon; Intelekwalisasyon ng wikang Filipino; Seks; The Kangks Show; Masa

**Abstract:** The online series The Kangks Show shows how language is used by giving advice by Kara Teo and Cassandra B. the intellectualization of the Filipino language when it comes to sexuality. Issues in Kara Teo's advice on sex and its relation to language intellectualization. Sexuality issues in each chapter using the terms used by Cassandra B. and Dr. Kara Teo Cassandra B.'s use of Language in the said show to bring her closer to the intellectualization of language in discussing the problems of language sexuality in Filipino culture. Reflecting the advice of Dr. Kara Teo and Cassandra B. the issue of communication in the Filipino language on The Kangks Show. Descriptive analysis will be used to understand the differences between the language used by the two stars in The Kangks Show and how it relates to the intellectualization of the Filipino language. The use of language has a great effect in conveying or providing solutions to the issue of sex to the Filipino masses. Language is an important mechanism for the masses to understand social problems such as sexuality.

**Key Words:** Sex Education; Intellectualization of Filipino Language; Sex; The Kangks Show; Masses

# 1. PANIMULA

Naging paksa sa social media kamakailan ang palabas na The Kangks Show na pinagbibidahan ni Angelica Panganiban (Dr. Kara Teo) at Maris Racal (Cassandra) kung saan pumapaksa ito sa usapin ng sex positivity at paano ito naging mahalagang usapin sa kasalukuyang panahon (*"The Kangks show" among most-watched on WeTv*, 2022). Pinapakita sa palabas ang iba't ibang mga sitwasyon tungkol sa sek ang mga sumusulat kay Dr. Teo. Binigyan niya ito ng mga payo at maikling lektura na kung saan ang mga terminong ginagamit niya ay naaayon sa pormal at pang medikal na mga salita na hindi nauunawaan ng mga manood lalo na ang masa. Kabaligtaran naman ang ginawa ni Cassandra na kung saan ay ang mga salitang ginamit niya sa kanyang mga Facebook live ay mga salitang balbal na nauunawaan ng masa. Makikita sa palabas na mas tinatangkilik ng masa ang mga Facebook live ni Cassandra kaysa sa palabas ni Dr. Teo. Pinuri ng mga manonood ang nasabing show sapagkat mapangahas ang pagbibigay ng diskusyon sa mga usaping taboo tulad ng *ageism, micropenis, threesome, premature ejaculation* at marami pang iba (Liwag, 2022). Naipaliwanag ni Antoinette Jadaone, direktor ng The Kangks Show na ginawa niya itong proyektong ito sapagkat napapanahon na para pag-usapan ang pagtatalik sa positibong paraan para mas mawala ang estigma patungkol sa usaping seks (Morfe, 2022).

## *1.1. ANG MGA NANONOOD NG THE KANGKS SHOW*

Sa isang banda, makikita na kahit sa ibang bansa ay pinapanood ang The Kangks Show. Makikita sa ibaba ang naging pwesto ng The Kangks Show sa mga pinapanood na palabas sa WeTV sa loob at sa labas ng bansa (*WeTV original series The Kangks Show among the most-watched shows on WeTV series worldwide*, 2022).

***Pigura 1:*** Mga Bansang Nanood ng The Kangks Show at Kanilang mga Ranggo mula sa WeTv.

| Bansa | Pwesto |
|---|---|
| Pilipinas | 2 |
| Canada | 7 |
| Estados Unidos | |
| Indonesia | 10 |
| United Arab Emirates | |
| Australia | 11 |

*Tala.* WeTV The Kangks Show Ranking. Mula sa *WeTV Original Series The Kangks Show Among the Most-watched Shows on WeTV Series Worldwide*. Karapatang-ari 2022 mula sa Manila Bulletin.

Ang mga masa mula sa loob at labas ng Pilipinas lalo ang mga dayuhan ay nais mapanood ang nasabing palabas sapagkat na sila ay nakaka-relate sa mga naging esksena at mga paksang tinalakay katulad ng seks at mga iba't ibang kwentong sekswalidad na tinatampok sa bawat episodyo ng nasabing palabas.

## *1.2. ANG WIKA, ANG MASA, AT ANG SEKSWAL NA EDUKASYON*

Ayon kay Arao (2021), malawak ang paggamit ng wika sa midya. Mas madaling naiintindihan ng masa ang kanilang binabasa at naririnig kung ito ay nasa wikang Filipino. Makikita na may ibang pagtingin ang wikang Ingles at Filipino katulad ang wikang Ingles ay para sa matalino at ang wikang Filipino ay para sa mga ignorante (Arao, 2021). Mapapansin na mas nauunawaan ng masa lalo ang nasa laylayan ang kanilang naririnig o nababasa kung ito ay nakasulat o binibigkas sa wikang Filipino. Sa isang banda, mas mauunawaan ang mga kontekstong tinalakay katulad ng usaping sekswalidad sa masa kung ito ay nasa Filipino. Halimbawa nito ay makikita sa The Kangks Show, ang naging pagpapaliwanag ni Cassandra ng mga paksang tungkol sa seks ay mas naintindihan at tinangkilik ng masa sapagkat na ang mga konseptong ginagamit niya ay nasa wikang Filipino at pabalbal niya ito tinatalakay na lalong naunawaan at tinangkilik ng mga manonood lalo na ang nasa laylayan ang kanyang mga Facebook live kaysa sa mismong palabas ni Dr. Teo na mas nabawasan pa ang kanyang tagasubaybay sapagkat wikang Ingles at mga kumplikadong mga salita ang kanyang ginamit upang maipaliwanag at mailatag ang mga iba't ibang konsepto tungkol sa seks.

Sa isang banda, ayon kay Santos (2022), *"Pagdating sa kahit anong uri ng edukasyon, laging isyu ang wika, hindi nakakaabot sa masa ang production of knowledge mula sa akademiya, hindi lamang sa akademiya halimbawa ay practical research na hindi nakaabot sa masa dahil sa may barrier ang wika."* Makikita ang wika mismo ang nagiging isyu sa paghatid ng impormasyon sa masa. Halimbawa nito ay paggamit ng wikang Ingles sa mga kumperensya, mga pamphlet, at iba pa kung saan hindi ito nauunawaan ng masa hindi katulad nasa gitnang uri na nauunawaan nila. Kaya sa

isang banda, makikita na kahit anong latag ng pamahalaan ang usaping tungkol sa sekswal na edukasyon sa Pilipinas ay hindi lubusang nauunawaan ng masa sapagkat sa ito ay nasusulat o sinasabi sa wikang Ingles. Ang nakakaunawa lamang tungkol rito ang nasa gitnang uri. Ayon kay Population Commission (PopCom) Executive Director at Undersecretary Juan Antonio Perez III, *"Dito pumapasok ang intergenerational poverty. Ang mga nagdadalaga na ina na mahihirap ay likas na mas mababa ang kita, humihinto sa pag-aaral at umaasa sa kanilang nuclear family. Ito ay nagpapahirap sa pag-alis sa bitag ng kahirapan"* (Ordinario, 2020). Kinakailangang baguhin paano tinatalakay ang sekswal na edukasyon. Kinakailangang hindi lamang sa wikang Ingles ito natatalakay bagkus kinakailangang natatalakay ito sa wikang naiintindihan ng lahat halimbawa sa kanilang mother tongue. Sa isang banda, may kaakibat itong mga pagsasaayos ng pagsasalin at magsasakonteksto ng mga salita na ginagamit sa sekswal na edukasyon upang hindi magulat o kaya naman ay mas madali maunawaan ng masa kapag tinatalakay ito sa kanila.

### *1.3. SEKSWAL NA EDUKASYON SA PILIPINAS*

Ayon sa artikulong What is Sex Education?, ang sekswal na edukasyon ang tawag sa pagtuturo o pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa usaping seks at sekswalidad. Sinisiyasat nito ang pagpapahalaga at paniniwala tungkol sa seks upang matugunan at matulungan ang mga tao at ang lipunan upang maunawaan ang kanilang sekswal na kalusugan. Sa kabilang banda, ito ang nakikitang tugon ng pamahalaan sa lumulubong populasyon sa bansa kaya naman naipasa noong 2012 ang Republic Act 10354 o mas kilala bilang Responsible Parenthood and Reproductive Health (RP-RH Act of 2012). Ayon sa artikulong Comprehensive Sexuality Education, ang RP-RH Act of 2012 ay isang komprehensibong pagtugon ng pamahalaan sa mga pangangailangan ng mga mamamayanan tungkol sa pagiging responsableng mga magulang at kalusagang pang-reproduktibo. Bukod pa rito, pinapanawagan ng batas ang pagkakaroon ng integrasyon ng edukasyon ang kalusugang pang-reproduktibo sa kurikulum ng mga paaralan kung saan ang magtuturo nito ang mga gurong dumaan sa pagsasanay sa pagtuturo ng edukasyon sa kalusugang pang-reproduktibo (Juan et al., 2019, p. 7). Sa isang banda, tinututulan ng Simbahang Katoliko ang pagpapasimula ng estado na magkaroon ng sekswal na edukasyon sa mga pampublikong paaralan. Ayon kay Monsignor Pedro Quitorio, tagapagsalita ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP), "*Children are fragile creatures. The [education] department should be incredibly careful not to instruct children about matters they will imitate the following day. The problem here is the distribution of resources"* ("Church vs state in Philippine sex education row," 2010). Ang planong ito ng pamahalaan ay suportado ng United Nations (UN) na kung saan ito ay bahagyang pinunduhan ng UN Population Fund ("Church vs state in Philippine sex education row," 2010). Sa naging panayam kay Arsobispo Ramon Arguilles ng Batangas, sinasaad niya na, "*Our President intends to kill twenty million children with a fountain pen…to sign the RH bill into law. The RH bill is against life (and) so much young blood (would be) shed. May our leaders not give the Divine Child the same Herodian gift of 2,000 years ago: death of the innocents"* (Macairan, 2012). Para sa Simbahan, labag sa kaloobang ng Panginoon ang RP-RH Act of 2012. Bukod pa rito, naniniwala ang mga pinuno ng simbahan na ang RH bill ay magsusulong lamang ng paggamit ng mga *abortifacient drug* o mga gamot na may kinalaman sa pampalaglag (Macairan, 2012).

Ang Department of Education (DepEd), sa kabilang banda ay suportado ang pagtuturo ng edukasyon sa kalusugang pang-reproduktibo sa mga paaralan. Nilabas ng ahensya ang DepEd Order no. 31 series of 2018, ang Policy Guidelines on the Implementation of Comprehensive Sexuality Education kung saan ito ay nakaangkla sa RP-RH Act of 2012 (The Challenge Initiative, w.p.). Isa sa nilalayon nito ang matugunan ang mga suliraning kinahaharap ng kabataan tungkol sa kalusugang pang-reproduktibo at itaguyod ang malusog at responsableng sekswal at panlipunang pag-uugali sa mga kabataan (Policy guidelines on the implementation of the comprehensive sexuality education, 2018). Makikita na kasama ang kalusugang pang-reproduktibo sa ilang mga asignaturang tinuturo sa sekundaryang paaralan katulad ng Music, Arts, Physical Education, and Health (MAPEH), Siyensya, Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Personal Development. Ang balangkas ng komprehensibong edukasyon sa kalusugang pang-reproduktibo ay nakahanay sa kurikulum ng K to 12 Basic Education (Policy Guidelines on the Implementation of the Comprehensive Sexuality Education, 2018). Makikita sa naging resulta ng National Demographic and Health Survey (NDHS) noong 2017 na ang mga babaeng nanganganak na nasa edad 15-19 ay bumaba ng 7.8 na bahagdan

(*President Duterte: teenage pregnancy an 'urgent national priority,'* w.p.). Sa naging sarbey na isinagawa ng DKT Philippines Foundation, 13 bahagdan sa 500 na kabataang babae sa Pilipinas ay may kaalaman sa paggamit ng emergency contraceptives (EC) (*Teenage pregnancy affects nearly six percent of Filipino girls*, 2021). Ang mga EC pill ay ginagamit sa mga hindi inaasahang pagtatalik na kung saan ito ang huling depensa laban sa hindi inaasahang pagdadalang-tao. Repleksyon ito ng hindi matapos-tapos na suliraning ng maagang pagbubuntis ng mga kabataang babae sa Pilipinas. Mas lalo itong lumala noong panahon ng pandemiya kaya naman nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte ang Executive Order 141 noong Hunyo 2021 na dinedeklara ang suliranin sa maagang pagbubuntis ng mga kabataang babae bilang isang pambansang priyoridad (*Teenage pregnancy affects nearly six percent of Filipino girls*, 2021).

## 2. METODOLOHIYA

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang dulog ng metodong kwalitatibo sa pamamagitan ng deskriptibong pamamaraan. Ang deskriptibong pamamaran ay isa sa uri ng kwalitatibong dulog sa pananaliksik, kung saan ang layunin nito ay analisahin at unawain ang mga kinaugalian kung saan nanggaling ito (Krishnarao, 1961). Sa paggamit ng deskriptibong pamamaraan, mas makikita ang pangkalahatang ideya ng pananaliksik patungkol sa piling dayalogo ng "The Kangks Show" kung paano ito maiuugnay sa sekswalidad at sa intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. Bukod pa rito, nagsagawa ng Focus Group Discussion (FGD), para makita ang lalim ng pagkakaintindi sa usapin ng isyu sa lipunan (Nyumba et al., 2018). Nagsagawa ng semi-structured interview ang mga mananaliksik para mas mapanatili na kaswal na pakikipagpanayam sa bawat respondente, para mas maging komportable ang pagbibigay ng kanilang mga sagot para sa datos na makukuha sa kanila. Sa konteksto ng pananaliksik, mas makikita ang bawat pahayag sa limang respondent na nakapanayam. Sa pagpili ng respondent, namili ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng random sampling, para mas makita ang reaksyon patungkol sa nasabing palabas. Nagsagawa ng pagpapanood sa limang respondente ng unang tatlong kabanata ng nasabing palabas, para mas makita ang natural na reaksyon ng bawat respondent at ang kanilang mga saloobin sa mga isyu na nakapaloob sa nasabing palabas.

## 3. PAGTALAKAY

Ang intelekwalisasyon ay isang uri ng aksyon sa pagpapayabong ng wika o lenggwahe sa iba't ibang larang. Sa kaso ng Pilipinas, matagal nang panawagan ito para mas mapalago ang korpus ng mga salita mula sa dayuhang wika patungo sa Filipino (Kilates, 2015). Umiiral ang kaisipang kanluranin sa mga pinag-aaralan sa mga eskwelahan sapagkat mas litaw ang impluwensya ng kanluraning kaisipan, lalo na sa kurikulum sa paaralan, musika, midya, at marami pang iba.). Ang intelektwalisadong wika ay dapat din ginagamit sa pagbibigat at pagkuha ng kumpletong edukasyon sa kahit anong larang (Sibayan, 1991). Kung baga, mas malakas ang impluwensya ng wikang dayuhan tulad ng Ingles, lalo na sa pagtatalakay sa pagtuturo sa mga kabataan. Napakakumplikado sa sitwasyon ng akademiko sa ating bansa sapagkat madalas ginagamit ang wikang Ingles bilang moda ng pagtuturo, kung saan nagiging limitado lamang sa iilan at hindi naibabahagi sa mga ordinaryong Pilipino (Dangcalan & Trajano, 2020). Para masabi na intelektwalisado ang Wikang Filipino: Una, dapat ginagamit ang Wikang Filipino ng mga intelektwal at dalubhasa sa kanilang diskurso; Pangalawa, may sapat na terminong teknikal na maitatapat sa mga hiniram sa wikang Ingles o iba pang wikang dayuhan; Pangatlo, may sapat na bokabularyong magagamit sa pagpapahayag ng abstraktong kaisipan; at Pang-apat, may modernong alpabetong makaangkop sa pagpasok ng mga salitang hihiramin sa ibang bansa (Torres-Yu, 1996, p. 297). Para maisakatuparan ang intelektwalisasyon, kailangan mas puspusan ang paglaganap ng paggamit ng Wikang Filipino sa edukasyon, gobyerno, at negosyo at pagsasa-Filipino ng diskurso sa agham panlipunan at sa iba pang sangay ng karunungan tungo sa pagbuo ng iisang diskursong pangkalinganan na maaring tanglawan ng pantayong pananaw (Torres-Yu, 1996, p. 305). Nakikita na may aksyon na nagaganap na rin sa pamamagitan sa Komisyon ng Wikang Filipino, kung saan pinupunan nila ang pagkukulang sa nakaraan sa papamigtan ng National Agenda for the Filipino Language kung saan may dalawang bagay silang ginagawa: ang istandarsisasyon at intelektwalisasyon. Ayon kay Kilates (2015) may tatlong gawain sa istandardisasyon: ang pambansang ortograpiya at pambansang barirala; national literacy sa pamamagitan ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLB) at pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika sa iba't-ibang rehiyon sa ibang bansa. Habang sa

intelektwalisasyon, nagsasagawa ng pagsasalin ng mga iba't ibang wika sa Pilipinas at wikang dayuhan patungo sa Wikang Filipino, pagre-retooling at retraining sa mga guro sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng cultural studies, agham, teknikal at iba't ibang disiplina. Ayon kay Sibayan (1991) may dalawang proseso ang intelektalisasyon: Una, kailangan ng various populations na may iba't ibang kaalaman at kasanayan sa Filipino sa iba't ibang larang para mas makatulong sa intelektwalisasyon tulad ng manggagamot, abogado, siyentista, at marami pang iba. Pangalawa, kailangan magbuo ng institusyon na susuporta sa istruktura nito tulad ng paaralan, ospital, mga organisasyon na naglilimbag ng mga pananaliksik sa Pilipino, at mga palimbagan. Sinasaad ni Constantino (2015),

> *Ang wika ay isang kasangkapan sa pag-iisip. Nabubuo ang isip sa pamamagitan ng wika. Habang umuunlad ang isip, umuunlad ang wika… Dahil sa mekanikal na pamamaraan ng pag-aaral, ang mga mag-aaral ay natututo lamang ng mga pangkalahatang ideya. Hindi natin pinalalim ang ating masusing pagsusuri at malalim na pag-unawa. Dahil dito, maraming mga mag-aaral ang nakasanayan na mag-aral para lamang makuha ang tamang sagot at maipasa ang pagsusulit upang matapos ang kurso* (p. 10).

Makikita na may malaking epekto ang wika sa pagkatuto at pag-unawa sa mga mga leksyon pinag-aaralan ng mga mag-aaral. Sa isang banda, mas mauunawaan ng mga mamamayan kung ano ang mga pinapaskil na panukala o kaya naman mga nilalatag na ideya kung ito ay nakasulat sa wikang Filipino o sa kanilang sariling wika. Para kay Constantino (2015) ang paggamit ng sariling wika bilang kasangkapan ng pagpapalaya at pagpapalakas ay isang mahalagang hakbang tungo sa pambansang layunin (p. 11).

Sa isang banda, ang pagkakaroon ng intelekwalisasyon sa wikang Filipino sa sekswal na edukasyon ay malaking maitutulong upang mas lalong maintindihan at maunawaan ang mga usapin at paksa tungkol sa sekswalidad lalo na ang mga kaakibat na problema tungkol sa maagang pagbubuntis.

Pagdating sa palabas na The Kangks Show, makikita ang may malaking pagkakaiba ang pagtalakay tungkol sa sekswal na edukasyon. Isang halimbawa ang naging pagtalakay ni Dr. Teo sa episode 1 tungkol sa kondisyon na micropenis, *"Pinky has what we call a micropenis and it's a real, diagnosable medical condition. In fact, only 0.6% of the male population is affected by this…."* (Jadaone, 2021). Makikita na hindi naiintindihan ng masa ano ang salitang micropenis, sapagkat ito ay bago sa kanilang pandinig. At makikita sa palabas na bumababa ang rating nito dahil sa hindi mabatid ng mga manonood ang mga salitang ginamit ni Teo sa usaping seks. Tignan paano nilatag ni Cassandra ang Fire and Ice Method sa seks sa episode 2, *Kumuha ka ng ice… Isubo mo sa bibig mo at ilaro-ilaro mo sa bunganga mo. Mumog ka din mhie ng hot water… I-alternate mo lang un dalawa. Ganun lang kadali… Yan ang Fire and Ice Method sabi ng tropa kong si Google"* (Jadaone, 2021). Mas pinansin ito ng masa at tumaas ang views, like at share nito sa Facebook ni Cassandra na nangunguhulugan na naiintindihan nila ang paksang tinatalakay sa kanyang Facebook live. Bukod sa Filipino ang ginamit ni Cassandra sa pagtalakay sa nasabing metodo sa seks, gumamit pa siya ng mga balbal na salita na mas lalong nagpatingkad sa kanyang pagtalakay. Kung ikukumpara ang dalawang linya, mapapansin na mas maiintindihan ang liny ni Cassandra ng masa bukod pa ay gumamit pa ng mga balbal na salita para mas makuha ang atensyon ng masa sa kanyang mga paksang tinatalakay tungkol sa seks.

Ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtalakay sa sekswal na edukasyon sapagkat mas mauunawaan ng masa bakit mahalaga ang paksang ito at ang esensya nito sa kanilang buhay. Ginamit ang wikang Ingles sa pagtalakay sa nasabing paksa lalo na sa mga kumperensya at mga pagsasanay na nagresulta sa ang nasa gitnang uri lang ang mas nakakaunawa ng mga paksang ito.

## 4. KONGKLUSYON

Lumilitaw sa The Kangks Show na matingkad ang mga isyu na nakapaloob rito, mula sa seks, domestic violence, usapang ari at ang mga euphemismo patungkol rito, ang isyu ng homosekswalidad at marami pang iba. Nakikita rito na epektibo ang paggamit ni Cassandra ang salitang balbal sapagkat mabilis maintindihan ng masa ang kanyang mensahe patungkol sa pagbibigay gabay sa buhay pagtatalik ng mga nanonood sa kanya. Habang kay Dr. Kara Teo

naman, nababawasan ang kanyang mga manonood dahil sa lenggwaheng ginagamit niya sa pagbibigay payo sa sarili niyang palabas. Nakikita na kailangan niya pang gumamit ng mga gimik at iba't ibang mga pakulo para lang mapag-usapan siya at ang kanyang palabas, na ikinabulusok ng ratings ng The Kangks Show. Dahil sa paggamit niya ng mga teknikal na termino, lubos na hirap siyang intindihin ng madla sa pamamagitan ng pagbaba ng ratings nito. Kung titignan ito, kailangan maikonsidera ang pag-iintelektwalisa sa mga teknikal na termino sa sikolohiya, lalo na sa usapang seks para tuluyang maintelektwalisa ang Wikang Filipino, para mas maintindihan pa ng masa ang sikolohiya kung saan mas nangangailangan ng kolaborasyon ng mga nagtatarabaho sa larangan ng Sikolohiya, kasama rin ang mga tagasalin para mas makabuo nang terminong mas malay para sa mga Pilipino.

## SANGGUNIAN

Arao, D. A. (2021, August 26). *Wika, midya at katotohanan*. Saup-saup: Talakayang Pampubliko, University of the Philippine Diliman.

Church vs state in Philippine sex education row. (2010, August 3). *BBC News*. https://www.bbc.com/news/world-asia-pacific-10552591

*Comprehensive sexuality education*. (n.d.). The Challenge Initiative. Retrieved April 15, 2022, from https://tciurbanhealth.org/courses/philippines-toolkit-community-support/lessons/comprehensive-sexuality-education-2/

Constantino, R. (2015). Intelektuwalismo at Wika. *Daluyan: Journal Ng Wikang Filipino*, *1*(Espesyal na Isyu), 8–13.

Dangcalan, R. J., & Trajano, B. E. (2020, June 30). *Ang pagbaba mula sa tore ng akademya* [Opinion]. Rappler. https://www.rappler.com/moveph/264927-opinion-coming-down-ivory-tower-academe/

Policy guidelines on the implementation of the comprehensive sexuality education, no. 31, s. 2018 (2018).

Jadaone, A. (2021, December 17). *The Kangks Show* [Comedy, Romance, Mature]. WeTV. https://wetv.vip/en/play/n9lg5uglouhf46h/c00412048ts

Juan, C. P., Laguna, E. P., & Pullum, T. W. (2019). *Trends of sexual and reproductive health behaviors among youth in the Philippines: Further analysis of the 2008, 2013, and 2017national demographic and health surveys* (No. 127; DHS Further Analysis Reports). ICF.

Kilates, M. (2015, September 1). *A truly developing Filipino language | Inquirer News*. Headlines. https://newsinfo.inquirer.net/718016/a-truly-developing-filipino-language

Krishnarao, B. (1961). The descriptive method in social research. *Sociological Bulletin*, *10*(2), 46–52. https://doi.org/10.1177/0038022919610204

Liwag, J. T. (2022, January 13). *It's time for sex talk with 'The Kangks Show.'* CNN Philippines. https://www.cnnphilippines.com/life/Entertainment/television/2022/1/13/the-kangks-show-review.html

Macairan, E. (2012, December 12). *'Fight vs RH bill is Catholic Church's biggest challenge.'* Philstar.Com. https://www.philstar.com/headlines/2012/12/16/886554/fight-vs-rh-bill-catholic-churchs-biggest-challenge

Morfe, G. (2022, January 26). *Angelica Panganiban's "The Kangks Show" is the sex positive comedy series you need to see*. Preview.ph. https://www.preview.ph/culture/the-kangks-show-angelica-panganiban-a2144-20220126

Nyumba, T. O., Wilson, K., Derrick, C. J., & Mukherjee, N. (2018). The use of focus group discussion methodology: Insights from two decades of application in conservation. *Methods in Ecology and Evolution*, *9*(1), 20–32. https://doi.org/10.1111/2041-210x.12860

Ordinario, C. (2020, November 19). *Spiking teen pregnancies among poor deepening poverty–Popcom*. BusinessMirror. https://businessmirror.com.ph/2020/11/19/spiking-teen-pregnancies-among-poor-deepening-poverty-popcom/

*President Duterte: Teenage pregnancy an 'urgent national priority.'* (n.d.). Commission on Population and Development Region II. Retrieved April 15, 2022, from https://rpo2.popcom.gov.ph/president-duterte-teenage-pregnancy-an-urgent-national-priority/

Santos, M. J. P. (2022, June 25). [Zoom Meeting].

Sibayan, B. P. (1991). The intellectualization of Filipino. *International Journal of the*

*Sociology of Language*, *88*(1), 69–82. https://doi.org/10.1515/ijsl.1991.88.69

*Teenage pregnancy affects nearly six percent of Filipino girls*. (2021, December 14). Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2021/12/14/teenage-pregnancy-affects-nearly-six-percent-of-filipino-girls/

*"The Kangks Show" among most-watched on WeTv*. (2022, January 15). The Manila Times. https://www.manilatimes.net/2022/01/15/entertainment-lifestyle/show-times/the-kangks-show-among-most-watched-on-wetv/1829322

Torres-Yu, R. (1996). Tungo sa pagbuo ng Filipinong diskursong pankalinangan. Sa P. C. Constantino & M. M. Atienza (Eds.), *Mga diskurso sa wika at lipunan*. University of the Philippines Press.

*WeTV original series The Kangks Show among the most-watched shows on WeTV series worldwide*. (2022, January 8). Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2022/01/08/wetv-original-series-the-kangks-show-among-the-most-watched-shows-on-wetv-series-worldwide/

*What is sex education?* (n.d.). Planned Parenthood. Retrieved April 15, 2022, from https://www.plannedparenthood.org/learn/for-educators/what-sex-education